

Maari ba akong bumoto?

Inaalís ang karapatang bumoto ng isang tao kung siya ay nahatulan, nung siya ay sapat na gulang, na nagkasala ng felony (mabigat na krimen) sa ilalim ng batas ng estado ng Washington, at hindi siya maaaring bumoto habang siya ay nasa bilangguan, na bahagi ng kanyang sentensiya para sa felony sa ilalim ng isang batas estado o federal. Nguni't ang karapatang bumoto ay awtomatikong ibinabalik kapag ang tao ay hindi na napapailalim sa Department of Corrections (DOC) [Kagawaran ng mga Bilibid ng Estado ng Washington] at natapos na niya ang kanyang pagkakabilanggo na naging bahagi ng kanyang sentensiya para sa felony na hatol ng hukumang estado o federal. Makakatulong ang balangkas na ito upang malaman mo kung ang taong nahatulan ng isang krimen ay maaaring bumoto.

